cognizancejournal.com
Conteza P. Puray *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 48-57
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

KASANAYANG PASALITA SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA GOOD NEWS ACADEMY INC., BAGUIO CITY

Conteza P. Puray[1]; Maria Lourdes G. Eguia[2]; Perfecto M. Lopez[3]

Baguio Central University, Baguio City, 2600, Cordillera Administrative Region, Phillippines
Azet1103@yahoo.com; marialourdesgeguia@gmail.com
Corresponding Author: Perfecto M. Lopez, perfecto_lopez@yahoo.com

DOI: 10.47760/cognizance.2025.v05i01.004

Abstrak: Layunin ng pananaliksik na ito na makatulong sa kapwa guro at mga mag-aaral na makinabang sa mga matutuklasan na kinalabasan ng pag-aaral sa kasanayang pasalita sa Filipino . Ginamit ang deskriptibong pamamaraan. Ang pag-aaral ay isinagawa sa Good News Academy Inc. Baguio City sa panuruang 2022-2023 na may tatlumpu't dalawa (32) na bilang ng tagatugon na mag-aaral sa Senior High School. Sa pag-aaral ay ginamit ang deskriptibong pamamaraan, talatanungan para sa kinakailangang datos at ito ay sinuri batay sa kinalabasan gamit ang frequency, weighted mean, at pagraranggo. Ang sumunod ay ang kinalabasan ng pag-aaral: Ang antas ng kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mag-aaral ay nangangailangang pag-ibayuhin ng guro na linangin sa mga mag-aaral ang mga gawaing pangwika at pampanitikan gamit ang wikang Filipino sa pakikipagtalakayan upang masanay na maging matatas ang mga mag-aaral sa kasanayan sa pasalitang Filipino. Mula sa konklusyon na Epektibo ang antas ng kasanayang pasalita na nangangailangan na maipatupad sa mga mag-aaral na isabuhay ang mga gawain upang makasanayan ang pagsasalita sa wikang Filipino ng mga mag-aaral ; Seryoso ang mga hamon sa kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mga-aaral sa gawaing pakikipag-usap at talakayan sa paaralan dahil sa kulang sa kasanayang gamitin ang wikang Filipino ng mga mga-aaral; Epektibo ang mga solusyon sa kasanayang pasalita sa Filipino na ngangangailangan na paigtingin na hasain ang mga mag-aaral na gamitin at isabuhay ang mga gawaing kasanayan sa pasalita.

Susing Salita: kasanayang pasalita, hamon, wika, pampanitikan, hasain, isabuhay, paigtingin

I. INTRODUKSYON

Ang wika ay behikulo ng komunikasyon. Ito ay pantao dahil likas na ginagamit sa pagpapahayag ng damdamin at kaisipan na nagtutungo sa mabuting pakikipagkaunawaan at pagtamo ng kaalaman. Ayon kay Balawan (2016), Ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral ay mahalaga. Sa pamamagitan nito ay maipapahayag ng mag- aaral ang kanyang damdamin o kaisipan sa kapwa. Sa pakikipag-ugnayan sa kapwa sa pamamagitan ng mabisa at epektibong pagsasalita ay maituturing na isang natatanging talento na makapagdudulot ng kasiyahan at kagandahan sa buhay ng tao at naniniwala din ang mananaliksik na ang taong epektibo na magsalita sa harap ng pangkat ng mga tao ay higit na madaling makakakuha ng respeto ng ibang tao. Ayon din kay Balawan (2016), Ang bawat tao ay may kanya-kanyang katangian sa pagsasalita. May mga malalaki o malalakas ang boses, mayroon din namang malalim, at mayroon ding matinis ang tinig. Mayroon ding mabilis magsalita at medyo malakas ang pagkakaroon ng punto sa pagsasalita na nagpapahiwatig ng pagkakakilanlan ng pinanggalingang lugar. May pagkakataong makagagamit ang mga tao ng partikular na tono /tinig na nagpapahiwatig o nagpapakita ng pagkainis, pagkagalit, pagkagulat, pagkamangha, pagkatuwa, pagkabagot, di pagsang-ayon at iba pa. Sa kabuuan, ang mga ito at iba pang mga katangian ng boses /tinig ay tumutukoy sa mga tunog.

Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin at suriin ang mga nakatulong sa pagpapaunlad sa kasanayang pasalita. Ito ay nakatulong upang matutunan at mapagtagumpayan ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa larangan ng pagpapahayag gamit ang pasalita. Nilalayon din ng pag-aaral na ito na tulungan ang kapwa guro ng mananaliksik na matutuhan ng mga mag-aaral ang maging aktibo sa pagkatuto ng mga prosesong nakapagpahayag sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa pasalita sa panahon ng pagkaklase o talakayan at nagamit din ng mga mag-aaral sa kanilang pampersonal na pagkatuto sa pagpapahayag gamit ang kasanayan sa pasalita sa Filipino.

Ayon kay Hymes (1972), *He created the speaking framework to show how the way we use the language*, binuo niya ang *Speaking Framework* upang maipakita kung paano ang tamang paraan at gamit ng mga lenggwahe gamit ang pasalita sa mabisang mga kasanayan sa komunikasyon.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Conteza P. Puray *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 48-57
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Batay sa nakalap na pag-aaral ni Del Hymes (1972), *argues that a communication in speech event is closely related to factors outside the language or called as metalingual such as where, when, who the speaker and his or her opponent, the content of the utterance, the purpose of the speech, the intonation of the speech.*

Ayon kay Brown (2019), ang kaalaman sa pagkatuto ng mag-aaral ay nakapagbigay ng mahalagang kaisipan para sa pag-unawa ng pagkatuto. Ito ay kinapapalooban ng pag-unawa sa kahulugan ng wika, kahulugan ng pagkatuto, at para sa konteksto ng klasrum, kung ano ang pagtuturo. Gayunpaman, may mga dapat isaalang-alang ang ilang mahahalagang pagkakaiba sa pagkatuto ng mga mag-aaral na may edad na at dagdag pa ang malaking pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral sa istilo ng pagkatuto at paggamit ng estratehiya sa pag-aaral ng pangalawang wika, may kinalaman sa kalidad ng pagkatuto ang pananaw sa sarili o personalidad ng indibidwal at pagbabatad ng kaniyang sarili sa komunikasyon Binigyang-diin din niya na ang pangunahing layunin ng mag-aaral ay ang pagtatamo ng kakayahang komunikatibo at dapat maging komprehensibo ang teorya ng pagkatuto ng mag aaral sa pagsasama ng posibleng mahahalagang salik habang kasabay nito ang pagtiyak sa mga praktikal na aplikasyon at makatotohanan.

Ayon kay Recto (2005) sinabi ni Chomsky na "Ang isip ng isang tao ay likas na handa upang matutunan ang lengwahe sa pamamagitan ng papaunlad na proseso. Naniwala siya na ito ay natututunan sa pamamagitan ng panunuod sa mga magulang at sa ibang taong nasa ating kapaligiran". Dito ay nilinang ang kakayahan ng isang mag-aaral sa pagsasalita ng isang wika na ginamit sa pakikipagtalastasan.

Ayon kay Balawan (2021) ayon Sa aklat nina Bernales, et al. (2002), binigyang kahulugan nila ang paralanguage bilang paraan ng pagbigkas ng salita. Ipinaliwanag nilang ang isang salita ay nagbabago-bago ng kahulugan depende kung paano ito binigkas ng ispiker sa isang usapan.

Ayon kay Cedre (2016), sa pag-unawa (learning domains) ng K to 12 gabay sa kurikulum sa baitang 10 ay paglinang sa Pagsasalita (oral language) isa sa pamantayan sa Filipino k-12 sa baitang 7-10 na maipamamalas ng mga-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't- ibang uri ng teksto at mga akdang pampanitikang rehiyunal, pambansa, saling-akdang asyano at pandaigdig tungo sa pagtamo ng kultural literasi.

Ayon kay Maranan (2007), Ang pagsasalita ay hindi madaling gawin tulad ng pagsasalaysay sa paraang pasalita. Maraming balakid na dapat malampasan upang magtagumpay sa gawaing ito. Dapat maiwasan ang kaba at higit na mangibabaw ang konsentrasyon upang maisalaysay ang bawat detalye ng pangyayari at ang ordinaryong pakikipag-usap sa tindahan, sa tambayan sa mga kapamilya at kapuso ay maitututuring na komunikasyong berbal. Ang simpleng text message man gamit ang cellular phone bilang kasangkapan ng komunikasyon ay pumapasok din sa depinisyong komunikasyong berbal.

Ayon kay Rubin (2002), Ang paraan o istilo ng mga mag-aaral sa pasalita ay gayundin ang ginagamit nila sa pasulat. Tulad na lamang ng ginamit na balbal na mga salita sa talakayan, gayundin ang terminolohiyong kanilang maisusulat, at kung ang mag-aaral ay gumamit sa pagsasalita ng bilingguwal gayundin ang paraan niya sa pasulat na kung saan hindi umaayon sa panuntunan ng pagbuo ng mga salita sa ating bansa, at ang pananaw pa ng ibang mga guro ay tila walang respeto ang mga kabataan sa panahon ngayon sa mga nakatatanda sa kanila. Gayundin makikita ang kakulangan ng mga pamamaraan ng guro na nagtuturo sa asignaturang Filipino, upang mabigyan ng agarang mga suhestiyon o solusyon sa napipintong paghina ng paggamit ng ating Wikang Pambansa. Mahalaga ang pagkatuto sa pagsasalita sa harap ng mga tao sa loob o sa labas man ito ng klasrum. Kaalinsabay nito dapat matuto sa pagsasalita ang mga mag -aaral upang matugunan natin ang sinasaad ng batas na ito na payabungin at pagyamanin ang ating Wikang Pambansa nang sa gayon ang mga mag- aaral ay maging isang mabuting mamamayan na gumagamit ng masining na pakikipagkomunikasyon. Magaganap ang lahat ng ito kung magiging matalino at maestratehiya ang guro sa Filipino sa pagtuturo ng asignaturang ito. Kaya naniniwala ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay tunay na makatutulong sa anumang mga hamon ng pagkatuto sa pakikipagkomunikasyon, sa larangan ng pag pasalita dahil tutugunin ng pag-aaral na ito ang mga dahilan ng mahinang pakikipagkomunikasyon ng mag –aaral sa pamamagitan ng pagsagot na pasalita ng mga mag-aaral sa mga katanungang inihanda, gayundin ang pagtukoy sa mga kakulangan ng mga guro sa pagtuturo sa mga kasanayang ito.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang makatulong sa mga mag-aaral na malinang ang kasanayang pasalita ng mga mag-aaral tulad ng pagpapaunlad sa pakikilahok sa usapan/diyalogo, pagbibigay panuto, sa talakayan, mga dula-dulaan, pagkukuwento, paglalarawan ,pagbibigay ng isang talakay at debate. Ito ay makakatulong upang matutunan at mapagtagumpayan ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa larangan ng pakikipagtalastasan. Nilalayon ng pag-aaral na dahan-dahang maituro ng mga guro na matutuhan ng mga mag-aaral ang maging aktibo sa pagkatuto ng mga prosesong makapagpahayag sa pamamagitan ng aktibong pakikibahagi sa pasalitang pag-susulit (oral graded recitation) sa panahon ng pagkaklase at magagamit din ng mga mag-aaral sa kanilang pampersonal na pagkatuto sa pagpapahayag gamit ang pasalitang makapagpahayag.

II. METODOLOHIYA

Ang ginamit sa pagsusuri at pagbibigay kahulugan ng mga datos at impormasyon ay palarawang pagsisiyasat dahil naniniwala ang mananaliksik na ang kaparaanang ito ang pinakaangkop sa paglikom at pagsusuri ng mga datos. Ayon kay Calmorin (2016), ang pamamarang palarawang pagsisiyasat ay pagbibigay kahulugan tungkol sa isang bagay o paksa sa kasalukuyan. Inilarawan ang tumpak na larawan ng kasalukuyang kalagayan ng mga bagay-bagay at ang kahusayan ng uring ito ay nakasalalay sa pagkabalido at pagkamaasahan ng mga datos.
Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Good News Academy Inc., Baguio City sa taong panuruan 2022-2023 na binubuo ng mga tagatugon na may kabuuang bilang na tatlumpu't dalawa (32) na mag-aaral sa Senior High School .

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Conteza P. Puray *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 48-57
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Talahanayan 1
Bilang ng Tagatugon

Mga Tagatugon	Bilang ng Tagatugon
Grade 11	17
Grade 12	15
Kabuuang Bilang	32

Goodnews Academy Inc. 2022-2023

Ang ginamit ng mananaliksik ay sariling talatanungan bilang instrumento sa pangangalap ng mga datos. Sa pamamagitan nito ay naipahayag ng mga tagatugon ang kanilang kasanayan sa pasalita sa Filipino. Sa pagbuo na mga talatanungan, ang mananaliksik ay nagbasa ng mga aklat, *journal* at panaliksik na may kaugnayan sa pag-aaral. Mula sa mga kagamitang nabanggit. Ang mananaliksik ay nakabuo ng talatanungang pinagtibay at inihanda sa pagsagot ng mga tagatugon.

Isinagawa ang pagpapatibay ng talatanungan sa pamamagitan ng pagsusuri at pagsasaayos ng mga aytem. Matapos na isaayos ang talatanungan, ito ay ipinasagot sa sampung (10) mag-aaral na hindi kabilang sa aktuwal na bilang ng mga tagatugon at aalamin ang relayabiliti ng makakalap na sagot mula sa sampung Junior High School mag-aaral mula sa Good New Academy Inc., Baguio City. Upang tiyakin ang relayabiliti, ang nakalap na sagot sa sampung mag-aaral (10) ay isinailalim sa "Kuder- Richardson 21" (Subong, 2006) Ang pormulang ginamit ay ang sumusunod Pormula:

$$R\ k\text{-}r = \frac{NS - m(N - m)}{(N-1)S}$$

Where:
N = Number of items in the questionnaire
m = Mean
S = Variance
1 is Constant

Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral, ito ay balido na may kabuuang bigat na 0.89 at may katumbas na pagpapaliwanag na lubos na maasahan ang talatanungan.

Ang mananaliksik ay kinuha ang liham mula sa dekano ng Paaralang Gradwado ng Baguio Central University at isinagawa ang kanyang pag-aaral at sunod na ibinigay ang liham pahintulot sa punong guro ng Good News Academy Inc. upang masimulan ang pagpapamudmod ng mga talatanungan sa mga tagatugon.

Ang mga datos na nakalap ay nilikom, itinala at pinag-aralan ng masusi upang masuri ayon sa kinalabasan ng istatistika na ginamit sa mga prekwensya, bahagdan at kabuuang bigat.

Ang pag-aaral na ito ay ginamit ang 4 na halaga ng bilang na may katumbas na Limit ng Istatistika, Katumbas na Paliwanag, at Simbolo. Ang interepretasyon at implikasyon ay nakaangkla sa resulta ng mga sumusunod: Unang Bahagi: Gaano ka-Epektibo ang Antas ng Kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga Mag-aaral.

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistika	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
4	3.26-4.00	Lubos na Epektibo	LE
3	2.51-3.25	Epektibo	E
2	1.76 -2.50	Hindi gaanong Epektibo	HgE
1	1.00-1.75	Hindi Epektibo	HE

Ikalawang Bahagi: Antas ng Pagkaseryoso sa mga Hamon sa Kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga Mag-aaral?

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistika	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
4	3.26-4.00	Lubos na Seryuso	LS
3	2.51-3.25	Seryoso	S
2	1.76 -2.50	Hindi gaanong Seryoso	HgS
1	1.00-1.75	Hindi Seryoso	HS

Ikatlong Bahagi: Gaano ka-Epektibo ang mga Solusyon sa mga Hamon sa Kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga Mag-aaral?

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Conteza P. Puray *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 48-57
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistika	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
4	3.26-4.00	Lubos na Epektibo	LE
3	2.51-3.25	Epektibo	E
2	1.76 -2.50	Hindi gaanong Epektibo	HgE
1	1.00-1.75	Hindi Epektibo	HE

Ang natimbang na kabuuang bilang at ranggo ang ginamit sa deskriptibong paglalarawan sa istatiska sa pag-aaral na ito. Ang pormula para timbangin ang kabuuang bigat ay ang sumusunod:

Weighted Mean

$$WM = \frac{TWP}{N}$$

Where:
WM = weighted mean
TWP = total weight points
N = number of respondents

III. KINALABASAN AT PAGTALAKAY

A. Antas ng Kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga Mag-aaral

Inilalahad ng Talahanayan 2 ang antas sa kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mag-aaral sa Good News Academy Inc., Baguio City Mula sa Talahanayan 2 na may bigat na 2.52 at katumbasna paliwanag na Epektibo ang mga kasanayang pasalita . Ayon kay Badayos (2011) nakasaad sa mga elemento ng wika ELC naipakikita ang kakayahan sa paggamit ng Filipino sa pasalitang pakikipagtalastasan. Ayon kay Badayos (2011), Sa paglinang ng mga kasanayang pagsasalita, kailangang bigyan ng guro ang mga mga-aaral ng sapat na pagkakataon upang mabatid ang dalawang mahalagang aspekto ng pagsasalita. Una, Kailangang maituro sa kanila ang kawastuan (accuracy) na may kinalaman sa wastong pagbabalarila at paggamit ng mga angkop na salita, kayarian, at pagbigkas ng mga salita. Ikalawa, kailangan ding maituro ang katatasan (fluency) sa pagsasalita na may kinalaman naman sa pagsasalita ng mabilis: hindi tumitigil ng matagal kapag nauubusan ng salita . Nabanggit din na nararapat na maging isang magaling na modelo sa mga mag-aaral ang guro dahil ang mga mag-aaral na walang naririnig na sinasalitang Filipino maliban doon sa napakinggan niya sa loob ng klasrum ay aasa na lamang sa guro bilang modelo sa pagsasalita. Dapat isaalang–alang ng guro ang sikaping magsalita sa Filipino sa isang paraang maipagmamalaki mo upang masanay ang mga mag-aaral sa pakikinig ng tamang Filipino at magkaroon sila ng tamang "pagdama " sa wastong indayog, diin at intonasyon ng Filipino.

Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral ay naipakita na epektibo ang mga tagapagpahiwatig na ginamit ng guro sa antas ng kasanayang Pasalita at kinakailangan na maipatupad sa mga mag-aaral na isabuhay ang mga gawain upang makasanayan ang pagsasalita ng wikang Filipino.

Talahanayan 2
Antas sa Kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga Mag-aaral (N=32)

Tagapagpahiwatig	Antas ng Kasanayang Pasalita							
	LE (4)	E (3)	HgE (2)	HE (1)	TWP	WM	DE	R
1.Usapan o Diyalogo	(10) 40	(15) 45	(5) 10	(2) 2	97	3.03	E	1
2.Pagbibigay ng Panuto	(6) 24	(8) 24	(10) 20	(8) 8	76	2.38	HgE	6
3.Talakayan	(6) 24	(9) 27	(12) 24	(5) 5	80	2.50	HgE	5
4.Mga Dula-Dulaan	(2) 8	(13) 39	(19) 38	(8) 8	93	2.90	E	2
5.Pagkukwento	(9) 36	(10) 30	(8) 16	(5) 5	87	2.72	E	4
6.Paglalarawan	(9) 36	(10) 30	(10) 20	(3) 3	89	2.78	E	3
Pagbibigay ng isang Talakay	(2)	(11)	(9)	(10)	69	2.16	HgE	7

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Conteza P. Puray *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 48-57
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

	8	33	18	10				
Debate	(2) 8	(2) 6	(13) 26	(15) 15	55	1.73	HE	8
Kabuuang Bigat						**2.52**	**E**	

Legend:

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistika	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
4	3.26-4.00	Lubos na Epektibo	LE
3	2.51-3.25	Epektibo	E
2	1.76 -2.50	Hindi gaanong Epektibo	HgE
1	1.00-1.75	Hindi Epektibo	HE

Mula sa Talahanayan 2, ang nangunguna sa ranggo ay ang unang tagapagpahiwatig na usapan o diyalogo na may bigat na 3.03 at Katumbas na paliwanag na Epektibo ang paggamit ng diyalogo o usapan sa antas ng kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mag-aaral.

Ayon kay Macaraeg .M.B. (1999) binanggit ni Villanueva P. V ang madulang pagtatanghal na usapan o diyalogo ay paraang madulang pagtatanghal na nakakatulong sa mga mag-aaral na mahasa na isaisip lagi na ang usapan o salitaan sa kwento ay nakakahasa ng kakayahang pagganap sa pasalita tulad ng gawaing deklamasyon . Ang ikalawa sa ranggo ay ang dula-dulaan na may bigat na 2.90 na may katumbas na paliwanag na Epektibo ang gawaing ito na nakakatulong sa kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mag-aaral .

Ayon kay Pineda (1997) binanggit ni Arrogante (1991), ang dula ay isang pampanitikang panggagaya sa buhay upang maipamalas sa tanghalan. Sa pamamagitan ng dula, nailalarawan ang buhay ng tao na maaring malungkot, masaya, mapagbiro, masalimuot, atbp. Sa pamamagitan ng gawaing ito ay makakatulong sa mga mag-aaral ang pagsasabuhay sa pamamagitan ng pagsasanay sa mga pasalitang gawain sa pakikipagpalitan ng dayalog sa mga tauhang nagtatatanghal sa entablado. Ang gawaing pagsasataong pagganap sa pamamagitan ng pagbigkas sa mga iskrip ay nahahasa sa pagbigkas at pagtatanghal ang mga mga-aaral. Ang ikatlo sa ranggo ay may bigat na 2.78 at may katumbas na paliwanag na Epektibo. Ang gawaing paglalarawan ay pagpapahayag ng ating nakikita, naririnig at nadarama. Ang pagbuo ng isang malinaw na larawan sa isip ng mga mambabasa o tagapakinig ang pangunahin. Ayon kay Sauco (1990) Ang paglalarawan ay pagpapahayag ng ating nakikita, naririnig at nadarama. Ang pagbuo ng isang malinaw na larawan sa isip ng mga mambabasa o tagapakinig ang pangunahing layunin ng paglalarawan. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga mag-aaral ng pasulat na nasa pangkaraniwan o masining na paglalarawan at pagkatapos ay ipapabasa ito ng isahan sa mga mag-aaral, sa pamamagitan nito ay makatutulong sa pagpapayabong sa kakayahan at kasanayan sa pagsasalita. Ang gawaing ito ay Epektibo na nakatulong sa kasanayang pasalita ng mga mag-aaral. Batay sa mga pala-palagay na Hindi gaanong Epektibo ang kasanayang pasalita sa Filipino Hindi Tanggap dahil ang resulta ng pag-aaral ay Epektibo na may kabuuang bigat na 2.52 ang antas ng kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mag-aaral.

B. Ang mga Hamon sa Kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga Mag-aaral

Mula sa Talahanayan 3 ang mga hamon sa kasanayang pasalita sa Filipino ay may kabuuang bigat na 3.20 na may katumbas na paliwanag na Seryoso ang mga hamon sa kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mga-aaral. Sa natuklasan na resulta ng pananaliksik seryoso ang mga hamon sa gawaing pakikipag-usap at talakayan sa paaralan dahil sa kulang sa gawaing pagsasanay ang mga mag-aaral. Ayon kay Lagas (2016) ang discovery learning ni Jerome bruner ang pangangalap ng mga mag-aaral sa kaalaman. Ang mga guro ang tagaplano ng mga gawain para sa mga mag-aaral. Nangangailangan ang mga mag-aaral ng paunang kaalaman upang makadiskubre ng panibagong kaalaman mula sa nakalap. Higit nauunawaan ng mga mag-aaral ang talakayan kung sila mismo ay sangkot sa pagkalalap ng kaalaman at impormasyon kumpara kung sila ay makikinig lamang sa mga guro. Ibig sabihin na ang mga mag-aaral ay nararapat isabuhay ang mga gawaing pasalita.

Talahanayan 3

Gaano Ka-Seryoso ang mga hamon sa kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga Mag-aaral? (N=32)

Tagapagpahiwatig	Mga Hamon sa Kasanayang Pasalita							
	LS (4)	S (3)	HgS (2)	HS (1)	TWP	WM	DE	R
1. Tiwala sa sarili	(11) 44	(13) 39	(5) 10	(3) 3	96	3.00	S	7
2. Kaalaman sa wastong bigkas at intonasyon ng mga salita	(16) 64	(11) 33	(2) 4	(2) 2	103	3.22	S	4
3. kasanayan sa pagbigkas ng Filipino sa pagpapahayag ng diwa , iniisip paniniwala at damdamin	(14)	(12)	(3)	(1)	99	3.09	S	6

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Conteza P. Puray *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 48-57
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

	56	36	6	1				
4.Kasanayan sa Pasalita gamit ang kagamitang Multimidya	(8) 32	(17) 51	(3) 6	(4) 4	93	2.91	S	8
5.Kasanayan sa Pakikipag-usap	(18) 72	(13) 39	(1) 2	(0) 0	113	3.53	LS	1
6.Kahandaan sa estitikong Pakikipag-usap	(16) 64	(14) 42	(0) 0	(2) 2	108	3.38	LS	2
7.Kahandaan sa akademikong Talakayan	(11) 44	(17) 51	(2) 4	(1) 1	100	3.13	S	5
8.Pagsasagawa ng Gawaing Drama- Dula-dulaan	(16) 64	(13) 39	(1) 2	(2) 2	107	3.34	LS	3
Kabuuang Bigat						**3.20**	**S**	

Legend:

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistika	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
4	3.26-4.00	Lubos na Seryuso	LS
3	2.51-3.25	Seryoso	S
2	1.76 -2.50	Hindi gaanong Seryuso	HgS
1	1.00-1.75	Hindi Seryoso	HS

Mula sa Talahanayan 3, ang ika-lima(5) tagapagpahiwatig ang nangunguna sa ranggo na may bigat na 3.53 na may katumbas na paliwanag na Lubos na Seryoso ang mga hamong Kasanayan sa Pakikipag-usap dahil ang mga mag-aaral ay hindi madalas gamitin ang wikang Filipino sa talakayan at pakikipag-usap kaya ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagpapahayag gamit ang wikang Filipino
Ayon kay Lamosen (2023), binanggit ni Yi, ang paaralan ay nakapagbibigay ng tamang suporta sa kapaligiran upang mapalinang ang pakikipag-ugnayan at pagpapahayag sa isa't isa. Ito ay suportado ni Mitchel, et al. (2013) na nagsabing "ang pakikibahagi ng mga mag-aaral sa pagpapahayag sa isa't isa ay nakalilinang sa kanilang kasanayan sa pagsasalita ng isang wika." Ang dahilan nito ay ang mga mag-aaral ay maaaring punahin ng wasto ng kanilang kamag-aaral, batay sa inilatag na proseso ng paaralan at mga guro (Hadi, 2014).
Ngunit, ayon kay Hadi (2014) sa pagpapahayag ay dapat munang nailatag ng mga guro ang mabubuting layunin upang magkaroon ng positibong kahihinatnan ang mga gawain.

Ang pangalawa sa ranggo ay mula sa ika-anim (6) na tagapagpahiwatig ang Kahandaan sa Estitikong Pakikipag-usap na may bigat na 3.37 at may katumbas na paliwanag na Lubos na Seryoso ang hamon sa kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mag-aaral.

Ayon kay Atienza (1999), Hindi lamang wika ang kailangang paunlarin. Kailangan ang kasanayan sa paggamit nito. Ang isang sanay sa pakikipag-usap ay yaong taong naipapahayag at naipaaabot ang kaniyang ideya, mensahe o opinyon ng walang kahirap-hirap. Ang mag-aaral ay handa kung may kaalaman sa panuntunan sa mabisang pakikipag-usap at nagagamit nito nang buong bisa ang kaniyang pagpapahayag . Bukod sa pakikinig, ang pagsasalita ang ginugugulan ng tao ng kaniyang malaking panahon. Ang pangatlo (3) sa ranggo na may bigat na 3.34 na may katumbas na paliwanag na Lubos na Seryoso ang gawaing drama o dula-dulaan sa kasanayang pasalita ng mga mag-aaral. Ayon kay Macaraeg (1999) sa pagtatangghal ng anumang pyesang pambigkasan, dapat isa-alang–alang kuhanin ang mag-aaral na may interes sa pagsali. Isagawa ang pamimili ng guro, kung walang magkusang sumali sa gagawing paligsahan na ngangailangan ng pagsasanay sa dapat bigkasin tulad ng pagbigkas ng mahina, pagsigaw, malakas o pabulyaw, pansinin ng guro ang sariling talino ng lalahok sa pag-arte, pagkumpas at pagbigkas. Ang pagsasagawa ng pagsasanay sa gawaing drama o pagtatanghal sa entablado ay makakatulong sa mga mag-aaral na maging bihasa sa paggamit ng wikang Filipino Ika-apat na ranggo ay may bigat na 3.21, Kaalaman sa Wastong Bigkas at Intonasyon ng Salita na may katumbas na paliwanag na Seryoso ang hamon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ika-limang ranggo, ang Kahandaan sa Akademikong Talakayan ay Seryoso ang hamon na may bigat na 3.13. Ika- anim na ranggo ay may bigat na 3.09, Seryoso ang mga hamon sa kasanayan [illegible]pagbigkas ng Filipino sa pagpapahayag ng diwa, iniisip, paniniwala at damdamin dahil sa kakulangan sa kahusayan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagpapahayag. Ang ika-pito (7) sa ranggo ay tiwala sa sarili na may bigat na 3.00 ,Seryoso ang hamon sa kasanayang pasalita at panghuli sa ranggo na ikawalo (8) ay Kasanayan sa Pasalita gamit ang kagamitang Multimidya na may bigat na 2.91 at katumbas na paliwag na Seryoso ang mga hamon sa kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mag-aaral.

Ang pala-palagay na Hindi Gaanong Seryoso ay hindi tanggap dahil ang kinalabasan ng pag-aaral na may kabuuang bigat na 3.21at katumbas na paliwanag na Seryoso ang mga hamon sa kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mag-aaral sa Good News Academy Inc.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Conteza P. Puray *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 48-57
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

C. Gaano Ka-Epektibo ang mga Solusyon sa Kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga Mag-aaral?

Mula sa Talahanayn 4 na may kabuuang bigat na 2.74 at may katumbas na pagpapaliwanag na Epektibo ang mga Solusyon sa Kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga mag-aaral. Ang kinalabasan ng apat na ginamit na tagapagpaghiwatig ay ang mga sumusunod: Ang una, ikatlo at ika-apat na ginamit na tagapagpahiwatig ay magkakatulad ang kinalabasan na pagpapaliwanag na Epektibo ang mga solusyon sa kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mag- aaral. Ang unang tagapag-pahiwatig na Pakikipag-usap na may kabuuang bigat na 2.81 ang una sa ranggo. Napapaloob dito na ang pangkatang talakayan, pagtatanong at pagpapalawak ng usapan ay Epektibong gamitin bilang solusyon sa kasanayang pasalita. Ayon kay Cedre (2016) isa sa pagbabago ng kalakaran sa pagtuturo ng wika ay ang pagtuon sa pagiging mas interaktibo nito. .Sa estratehiyang Interactive Language Teaching o ILT, ang layunin at pamamaraan ay tumutukoy sa pagsasangkot sa mga mag-aaral sa mga makabuluhanginteraksyon o talakayan kung saan nagkakaroon ng malayang pagpapalitan sa pagitan ng tagahatid at tagatanggap at kaligiran o konteksto. Ang ikalawa sa ranggo ay Akademik na Talakayan na may kabuuang bigat na 2.88 na may katumbas na paliwanag na napaka-Epektibo ang mga gawaing pakikipanayam, gawaing presentasyon, at debate. Ayon pa rin kay Cedre (2016) binanggit nina Seaman at Fellenz (1989), ang talakayan at pagbabahagi ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng mga pagkakataon na tumugon sa mga ideya, karanasan, pananaw at kaalaman ng guro o ng mga mag-aaral at makapagbigay ng alternatibong paraan ng pag-iisip at pagdama. Ang mga mag-aaral ay maaring matuto mula sa kanilang mga kamag-aral at guro upang malinang ang kasanayan sa pakikisalamuha upang maisaayos ang sariling kaisipan o pananaw at malinang ang pakikipagtalakayang rasyunal. Ang *Higher Order Thinking Skills* o HOTS ay isang malikhaing pag-iisip sa pagpapalawak sa kapasidad ng kaisipan na lumikha o bumuo ng mga ideya, proseso, karanasan, bagay, solusyon sa mga suliranin na makakatulong sa mga gawaing pagtatanong, paglilinaw, pagba-hagi ng karanasan, pagtalakay at pagpapalawak ng usapan; ikatlo ang mga gawaing dramatik na may kabuuang bigat na 2.78, ang mga nabanggit ay may katumbas na paliwanag na Epektibo ang mga ginagamit na solusyon sa kasanayang pasalita. Ayon pa rin kay Cedre (2016) nagbigay si David (1991), binigyang diin nya na makapagkomunikeyt ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng interaksyon sa wikang pinag-aaralan. Ang role play ay isang halimbawa ng pagtuturong komunikatibo na awtentikong kagamitan tulad ng readers theaters, puppet na palabas, pagsasadula, pagkukuwento, at sabayang pagbigkas ay Epektibong solusyon sa mga hamon sa pasalita na maging kawili-wili ang mga kagamitang ito sapagkat humigit kumulangay ito ang nababasa o napapakinggan ng mga mga-aaral sa labas ng klasrum. Mabibigyang diin ang kasanayan sa pakikipag-talakayan at maituturing na mga personal na karanasan ng mga mag-aaral bilang mahalagang input ng pagkatuto.

Talahanayan 4
Gaano ka-Epektibo ang mga Solusyon sa Kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga Mag-aaral? (N=32)

Tagapagpahiwatig	Solusyon sa Kasanayang Pasalita							
	LE (4)	E (3)	HgE (2)	HE (1)	TWP	WM	DE	R
1.Pakikipag-usap 1.a.Ang Pangkatang Talakayan	(9) 36	(16) 48	(3) 6	(4) 4	94	2.94	E	
1.b. Pagbabahagi ng Karanasan	(18) 72	(6) 18	(8) 16	(0) 0	106	3.31	LE	
1.c. Pagtatanong	(9) 36	(7) 21	(14) 28	(2) 2	87	2.72	E	
1.d. Paglilinaw	(0) 0	(18) 54	(4) 8	(10) 10	72	2.25	He	
1.e Pagpapalawak ng Usapan	(8) 32	(15) 45	(5) 10	(4) 4	91	2.84	E	
Kabuuang bigat						**2.81**	**E**	**1**
2.Estitikong Pakikipag-usap 2.a. Pagtalakay sa Literatura	(4) 16	(8) 24	(7) 14	(13) 13	67	2.09	He	

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
Conteza P. Puray *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 48-57
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

2.b.Pagkukwento	(9) 36	(13) 39	(10) 20	(0) 0	95	2.97	E	
2.c.Pagpili ng Iskrip	(10) 40	(6) 18	(6) 12	(10) 10	80	2.50	E	
Kabuuang Bigat						2.50	He	4
3.Akademik na Talakayan 3.a.Pagbibigay ng Presentasyon	(8) 32	(17) 51	(5) 10	(2) 2	95	2.97	E	
3.b.Paglalahad ng Rebyu	(7) 28	(8) 24	(7) 14	(10) 10	76	2.38	He	
3.c.Pagsali sa Debate	(6) 24	(8) 24	(14) 28	(4 4	80	2.50	E	
3.d.Pagsasagawa ng Panayam	(16) 64	(14) 42	(1) 2	(2)	110	3.44	N	
Kabuuang Bigat						**2.88**	**E**	**2**
4.Mga Gawaing Dramatik 4.a.Pagsasadula	(13) 52	(6) 18	(6) 12	(7) 7	89	2.78	E	
4.b.Pagsali sa Puppet na Palabas	(10) 40	(12) 36	(5) 10	(5) 5	91	2.84	E	
4.c.Pagbuo ng Kwento	(6) 24	(14) 42	(10) 20	(2) 2	88	2.75	E	
4.d. Readers Theater	9) 36	(14) 42	(5) 10	(4) 4	92	2.88	E	
4.e.Madulang Sabayang Pagbigkas	(3) 12	(19) 57	(6) 12	(4) 4	85	2.66	E	
Kabuuang Bigat						2.78	E	3
Pinaka Kabuuang Bigat						**2.74**	**E**	

Legend:

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistika	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
4	3.26-4.00	Lubos na Epektibo	LE
3	2.51-3.25	Epektibo	E
2	1.76 -2.50	Hindi gaanong Epektibo	HgE
1	1.00-1.75	Hindi Epektibo	HE

Ayon kay Ballesteros (2016) ang gawaing pakikipag-usap ay isang kasanayan sa pagsasalita (language skills) na tinatawag na *Basic Interpersonal Communication Skills* (BICS) na kailangan sa lipunang ginagalawan. Ito ay pang-araw-araw na wikang kinakailanga n upang makipag-ugnayan sa ibang tao. Ang pakikisalamuha ay kadalasanag nakaugnay dito kaya, ito ay nagkakaroon ng maka-buluhang kontekstong sosyal. Napauunlad nila ang paggamit ng wika kung patuloy at aktuwal nila itong nagagamit sa pang araw-araw na pamumuhay; ang ika-apat na tagapagpahiwatig na Estitikong Pakikipag-usap ay may kabuuang bigat na 2.50 ay may katumbas na paliwanag na Hindi Gaanong Epektibo bilang solusyon sa kasanayang pasalita tulad ng pagtalakay sa panitikan pakukwento at pagpili ng iskrip na nangangahugang kailangan bigyan ng pansin ng guro na paunlarin ang mga gawain sa paglinang ng kasanayan sa pasalita gamit sa pagtuturo ang wikang Filipino.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Ayon kay Gutierez (2016) binanggit ni Villafuerte (2012), ang pagkukuwento ay isang orihinal na tuturo at isang buhay na sining. Ito ay pagsasalaysay ng pangyayari sa pamamagitan ng mga salita, imahe at tunog. Ito'y isang ugnayan ng diwa't damdamin at ang kasanayan sa paglikha ng iba't ibang boses lalo na sa pagbigkas ng mga linya ng tauhan sa kwento. Ayon naman kay Cedre (2016) ang iskrip ay isang awtentikong kagamitan sa pagtuturong komunikatibo tulad ng ginagamit sa programa sa radio at pantelibisyon. Sa pagtuturo ng komunikatibo, binibigyang diin na makapagkomunikeyt ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng interaksyon sa wikang pinag-aaralan.

Ang pala-palagay na ang mga solusyon sa mga hamon sa kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga mag-aaral na Epektibo ay tanggap at walang pinagkaiba ang kinalabasan ng pag-aaral na may kabuuang bigat na 2.74 bahagdan na nangangahulugang Epektibo.

Ang kabuuang kinalabasan ng pag-aaral ay Epektibo ang antas kasanayang Pasalita ngunit nangangailangan na maipatupad sa mga mag-aaral na isabuhay ang mga gawaing lilinangin sa kakayahan sa pasalita upang maging bihasa ang mga mag-aaral gamitin ang wikang Filipino;sa ikalawang suliranin ay Seryoso ang mga hamon sa kasa-nayang pasalita sa Filipino ng mga mga-aaral sa gawaing pakiki-pag-usap at talakayan sa paaralan dahil sa kakulangan sa kasa-nayang gamitin ang wikang Filipino; at Epektibo ang mga solusyon sa kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mag-aaral na nanga-ngailangan ng pagpapaigting at hasain pa ng mga mag-aaral na gamitin at isabuhay ang mga gawaing kasanayan sa pasalita. Ang pag-aaral na ito ang magiging gabay na pagsumikapang gawin ang mungkahi ng mga lupon ng tagasuri sa pagpapaigting na ipatupad na gamitin ang wikang Filipino ng mga mag-aaral ng Good News Academy, Inc., Baguio City.

IV. KONKLUSYON

Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo: Epektibo ang antas ng kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga Mag-aaral; Seryoso ang mga hamon sa kasanayang pasalita sa Filipino ng mga Mag –aaral; Epektibo ang mga Solusyon sa Kasanayang Pasalita sa Filipino.

PASASALAMAT

Ang mananaliksik ay taos pusong nagpapasalamat sa lahat ng mga naging bahagi ng tagumpay ng pag-aaral na ito:

Una, sa ating Panginoong Maykapal sa pagbibigay ng katalinuhan ,lakas ng loob, at malusog na pangangatawan upang magampanan at matapos ang pananaliksik na ito; Dr.Margarita Cecilda Bulaqueña- Rillera, Pangulo ng Baguio Central University sa kaniyang walang sawang paggabay at pagbibigay ng inspirasyon sa bawat mag-aaral ng paaralang ito;Dr. Perfecto M. Lopez, dating Dekano ng Paaralang Gradwado, sa panghihikayat na ipagpatuloy ang pag-aaral na ito at sa kaniyang pagbibigay-payo, paggabay, at paghubog sa kakayahan ng mananaliksik; Dr. Maria Lourdes G. Eguia, ang kanyang tagapayo sa kanyang matiyagang paggabay at pagbibigay ng mga karagdagang kaalaman sa pagpapalawak ng pag-aaral ng mananaliksik at walang sawang pagtulong, pagbibigay-payo, patuloy na pagsuporta at mapanuring pagsusuri upang maisaayos nang wasto ang pananaliksik na ito higit sa mungkahing maisakatuparan ang maisulat ito sa internasyunal na publikasyon; sa mga lupon ng mga tagasuri na pinangungunahan ni, Dr. Leonardo M. Aquino, sa mga kasapi na sina Dr. Juliet F. Urpiano, Gng. Diana L. Agbuya at Dr. Criselda S. Felix , lubos na nagpapasalamat ang sa kanilang mga pagwawasto at mga mungkahi para sa ikauunlad ng pananaliksik na ito; Gng. Maribeth I. Lagasca, Punong-Guro, Good News Academny Incorporated, Baguio City, Benguet, Philippines sa ibinigay na pahintulot upang maipamudmod ang mga talatanungan at nakuha ang mga datos na bumuo sa pananaliksik na ito, sa lahat ng tulong moral at sa mga napiling tagatugon na nagmula sa mga mag-aaral ng Senior High School sa nasabing paaralan . Sa mga tagapangasiwa ng silid-aklatan ng Baguio Central University sa kanilang walang sawang paghatid serbisyo dahil sa mga aklat at iba pang sanggunian na naging batayan sa pag-aaral na ito.

SANGGUNIAN

1. Atienza, O.L. (1999). *Sining ng Komunikasyon Pandalubhasaan.* University of the East , Phil.
2. Badayos, P.B. (2011), *Pagsusulit Wika Pagbasa Mithiin Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika.*Granwater Publication and Research Corporation, Makati, Philippines
3. Balawan, *A.N. (2021). Introduksyun sa Pag-aaral ng Wika.* Pandalubhasaan Mindshapers Co., Inc. Intramuros, Manila Philippines
4. Brown, D.H. (2000). *Principels of language and Teaching 5th Edition.* New York Person Education, Inc.
5. Calmorin, L.P. (2006). *Educational Research Measurement and Evaluation, 3rd Edition.* National Book Store, Inc. Manila, Philippines
6. Cedre, R.K. (2016). *Ang Sining Zng Pagtuturo ng Filipino sa Kurikulum na K To 12 (Ang Pinagyamang Programa ng Batayang Edukasyon)* JIMCZYVILE PUBLICATIONS, Malabon City, Philippines
7. *Enghanced Basic Education Act of 2013 (R.A No. 10533),* Deped, Philippines
8. Gutierez, J.C. (2016). *Ang Pagtuturo ng Wika, Panitikan at Kultura Sa K To 12 Kurrikulum.*Jimcyville Publications, Concha Street, Tinajeros, Malabon City, Philippines
9. Lagas, R.B. (2012). *Ang Pagtuturo ng Wika, Panitikan, at Kultura sa K to 12 Kurikulum,*
10. Lamosen, L.S (2023), *Makabagong Teknolohiya Gamit sa Pagtuturo ng Filipino.*Paaralang Gradwado , Baguio Central University, PhilS.
11. Maranan, M.H. (2007). *Masining na Pagpapahayag (Para sa Antas Tersyarya)* Minshapers Co., Inc,Intramuros.
12. Macaraig, M.B. (1999). *Pagpapahayag, retorika at Bigkasan.* Rex Book Store Sampaloc , Manila , Ph
13. Pineda, B.P. (1997*). Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino Rehyong 1,CHED MEMO Blg.59,*Komisyon sa Wikang Filipino , Pilipinas
14. Recto, A.S. (2005). *Foundations of Education Vol.1 First Edition, Published by Rex Book Store* , Sampaloc , Manila Phil.
15. Rubin, L.T., et.al (2022). *Kasaysayan at Pag-unlad ng Wikang Pambansa ng Pilipinas,* Rex Book Store, Sampaloc , Manila Pp. 89-113 .
16. Republic Act 10173 - *Data Privacy Act of 2012*, National Commission, Phils.

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved

17. Sauco, C.S. (1990). *Sining ng Komunikasyon Pandalubhasaan.* University of the East, Phil.
18. Santos, A. (2022) *Exercises in Effective Speaking Lesson.* Quezon City: Capitol Publishing Company
19. Subong, P. (2006*). Statistics for Research.* Manila: Rex Bookstore

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved